

## Dynamic Prayer Meeting Study Guide (Week 3)<sup>1</sup>


### ANO ANG DISENYO NG DIYOS SA PANALANGIN?

**Review:** Ano ang makikita natin sa mga prayer meetings sa Bible?

1. Ang \_\_\_\_\_ ng Diyos
2. Ang \_\_\_\_\_ ng Diyos.
3. \_\_\_\_\_ sa ating paglakad kasama ang Diyos at ang isa't isa.

Isang dahilan kung bakit dapat manalangin: \_\_\_\_\_

Isang dahilan kung bakit dapat manalangin kasama ang iba: \_\_\_\_\_



### Ang Layunin ng Panalangin ay Upang Lumakad Kasama ang Diyos

Karaniwang isinasalarawan ng Biblia ang relasyon sa Diyos na isang paglakad. Si Enoch at si Noah ay lumakad kasama ang Diyos. Ganun din si David at Hezekiah. Ang paglakad ay tumutukoy sa pamamaraan, gawi at pamumuhay kung paano sila nakikipag-ugnayan sa Diyos. Ang dakilang layunin ng panalangin ay upang lumakad kasama ng Diyos sa isang malapit na ugnayan.

May kinalaman dito ang **dalawang layunin** ng panalangin:

1. **Makilala ang Diyos.** Sa Genesis 18, nagkaroon ng pagtatagpo ang Diyos at si Abraham. Sa v. 19 sinabi ng Diyos na pinili (sa Hebreo, "nakilala") niya si Abraham. Sa gayon, lumapit Siya kay Abraham upang lalo niyang makilala ang Diyos.
2. **Gumawa kasama ang Diyos.** Ipinakita ng Diyos kay Abraham ang kanyang gawa at isinama siya rito. Hindi maitatago ng Diyos ang kanyang gawa kay Abraham (v. 17-18). Mas malinaw itong makikita sa John 14:12-14. Sinasagot ng Diyos ang dalangin ng isang taong nananalangin sa pangalan ni Jesus. Dahil dito, siya'y makagagawa ng mga bagay na ginawa ni Jesus, at higit pa dito. Ito ay dahil sa panalangin.

Ang lahat ng mga banal na karakter sa Biblia ay lumakad kasama ng Diyos sa ganitong paraan. Ang kanilang mga panalangin ay nagbunga ng mas malalim na pagkakakilala sa Diyos, ng pagkaunawa sa mga layunin ng Diyos, ng pagkakakilala ng Kanyang mga gawa, at ng pagtugon sa pamamagitan ng pagkilos kasama Siya.

### Mga Implikasyon

1. Nakikita natin ang kapangyarihan ng panalangin kung ito ay nakatuon sa pagkilala sa Diyos at paggawa na kasama Siya.
2. Kung gusto nating makilala ang Diyos, ang mga prayer meetings natin ay hindi dapat mas nakatuon sa ating mga personal na pangangailangan kaysa sa Kanya. Hindi masamang pagtuunan ang ating pangangailangan, ngunit hindi ito dapat maging pangunahin.
3. Kung gagawa tayo kasama ang Diyos, lahat ng churches o mga small groups ay dapat may ipapanalanging malinaw na layunin o misyong galing sa Diyos (kailangan ng ilang oras upang matuklasan ito).

### Pagsusuri

1. Ang prayer meeting ba natin ay mas nakatuon sa pagkakilala sa Diyos at paggawang kasama Niya kaysa sa pagsasabi sa isa't isa ng ating mga pangangailangan?
2. Gaano karaming oras ang inilalaan sa paghanap ng presensya ng Diyos? Sa kaharian ng Diyos?

### Ang Iyong Panalangin Noong Nakaraang Linggo

May nakita ka bang ginawa ang Diyos tungkol dito? Sinagot ka ba Niya sa pamamagitan ng Bibliya, sa panalangin, sa mga pangyayari sa buhay, o sa pamamagitan ng ibang Kristiyano?

My personal prayer request:

Our church prayer request:

<sup>1</sup> Franklin, John, *Dynamic Prayer Meeting Study Guide*, ©2005 LifeWay Christian Resources, Translated to Filipino by Derick Parfan (Available at [http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF\\_PDF\\_PrayerMeetingGuide\\_Franklin.pdf](http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF_PDF_PrayerMeetingGuide_Franklin.pdf)).